Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 10
SANGAY NG MISAMIS ORIENTAL
Lungsod ng Cagayan de Oro
www.depedmisor.net
(08822)724615,(088)8564454/Fax(088)8564524

Memorandum blg. 378

**PARA SA:** **MGA TAGAMASID PANDISTRITO/PAMPOOK**
**MGA PUNONG GURO**
**MGA ULONG GURO**
**MGA GURO NG FILIPINO**

**BUHAT KAY:** **CHERRY MAE L. LIMBACO, Ph.D., CESO V**
**Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan**

**PAKSA:** **BASA EXTRAVAGANZA IN FILIPINO GRADE 3, BALAK EXTRAVAGANZA IN MOTHER TONGUE GRADE 3 AND MALIKHAING PAGSULAT NG DAGLI IN FILIPINO GRADE 10**

**PETSA:** **Ika - 26 ng Agosto, 2016**

---

Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon na ipinalabas noong ika - 24 ng Agosto, magkakaroon ng Panrehiyong Paligsahan sa **Basa Extravaganza para sa Filipino Baitang 3, Balak Extravaganza para sa MTB Baitang 3 at Malikhaing Pagsulat ng Dagli para sa Filipino Baitang 10** na gaganapin sa darating na ika-7 ng Oktubre, 2016 sa NEAP R-10, Lapasan, Lungsod ng Cagayan de Oro.

Bukas para sa mga interesadong paaralan ang paligsahang ito. Ito ay **boluntaryo** at hindi sapilitan. Mangyari lamang na kung maraming paaralan ang sasali sa inyong mga distrito ay gaganapin na ninyo ang pampook na paligsahan at ang mananalo ang siyang ipadadala sa pansangay na eliminasyon. Ipasa ang mananalong pangalan ng mag-aaral at gurong tagasanay at paaralan hanggang ika-15 ng Agosto lamang. Sa darating na Agosto 29, 2016 isasagawa ang pansangay na eliminasyon sa Conference Hall ng tanggapan ng Misamis Oriental.

Ang pondong gugugulin papunta sa lugar na pagdarausan sa gawain at pabalik sa himpilan ng mga kalahok ay kukunin sa pondong lokal/MOOE ng paaralan.

Inaasahang maipaaabot nang daglian at malawakan ang Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan. Tandaan na ang pagsali nito ay **Boluntaryo**.

CLL/ssa/mbm

Department of Education

5767

# MEMORANDUM PANREHIYON

**PARA SA:** **Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan**
Sa Rehiyong ito

Tawag-pansin:
Tagamasi )d pansangay ng Filipino at MTB
Mga Gurong Tagapayo sa mga nanalong mag-aaral

**BUHAT KAY:** **ALLAN G. FARNAZO**
Rehiyunal na Patnugot
Kagawaran ng Edukasyon 10

**PAKSA:** **BASA EXTRAVAGANZA IN FILIPINO GRADE 3, BALAK EXTRAVAGANZA IN MOTHER TONGUE GRADE 3 AND MALIKHAING PAGSULAT NG DAGLI IN FILIPINO GRADE 10**

**PETSA:** **Ika-22 ng Agosto, 2016**

Alinsunod sa pinagkasunduan sa naganap na pagpupulong noong ika-22 ng Hulyo, 2016, ang Basa Extravaganza para sa Filipino Baitang 3, Balak Extravaganza para sa MTB Baitang 3 at Malikhaing Pagsulat ng Dagli para sa Filipino Baitang 10 ay gaganapin sa darating na ika-7 ng Oktobre, 2016 sa NEAP R-10, Lapasan, Lungsod ng Cagayan de Oro.

Ayon pa rin sa napagkasunduan ang mga malalapit na sangay gaya ng El Salvador, Cagayan de Oro at Misamis Oriental ay tatanggapin sa **NEAP** sa umaga ng ika-7 ng Oktobre 2016 at bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok sa malalayong sangay na makapasok sa **NEAP** hapon ng ika-6 ng Oktobre , 2016.

Unang kainan ay ibibigay sa hapunan ng ika-6 ng Oktobre, 2016 at ang huling kainan ay sa pananghalian ng ika-7 ng Oktobre may meryenda sa umaga at sa hapon.

Ang pondong gugugulin papunta sa lugar na pagdarausan sa gawain at pabalik sa himpilan ng mga kalahok ay kukukunin sa pondong local/MOOE ng

sangay/paaralan, ang mga materyales gaya ng mga medalya, mga sertipiko, pagkain, honoraryum ng mga Hurado, mga perang gantimpala para sa mga mananalo, perang pangkonsolasyon sa mga di magwawagi ay kukukunin sa pondong ng rehiyun na sasailalim sa masusing mga polisiya ng pag-aawdit at akawunting.

Kalakip ang mga mekaniks, panuntunan, batyang-sukat sa iba't ibang paligsahan.

Daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa mga kinauukulan ay lubos na inaasahan.